## Tala: 1

Endometriosis(includes abstract) Wood D; Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052467

Abstract: Karaniwan, ang mga endometrial tissue ay nakikita lamang sa loob ng matris. Ang matris ay isang reproductive organ kung saan lumalaki ang hindi pa ipinapanganak na sanggol. Nagiging sanhi ang mga hormone upang mabuo ang tissue dito, inihahanda ang katawan para sa pertilisadong itlog. Kung hindi ka magbuntis, lalabas ang tissue sa katawan sa pagreregla. Sa endometriosis, ang parang-endometrial na tissue ay nakikita sa labas ng matris. Halimbawa, maaaring makita ito sa mga organ sa tiyan o balakang. Sa mga bahaging ito, ang tissue ay tumutugon pa rin sa mga hormone. Ito ay namamaga, nasisira, at nagdurugo. Ngunit hindi ito makalabas kapag ikaw ay nagreregla. Namamaga ang nakapaligid na tissue. Madalas itong nagkakapeklat.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Endometriosis

**(Endo)**

ni: Debra Wood, RN


[View English Version]

## Kahulugan

Karaniwan, ang mga endometrial tissue ay nakikita lamang sa loob ng matris. Ang matris ay isang reproductive organ kung saan lumalaki ang hindi pa ipinapanganak na sanggol. Nagiging sanhi ang mga hormone upang mabuo ang tissue dito, inihahanda ang katawan para sa pertilisadong itlog. Kung hindi ka magbuntis, lalabas ang tissue sa katawan sa pagreregla.

Sa endometriosis, ang parang-endometrial na tissue ay nakikita sa labas ng matris. Halimbawa, maaaring makita ito sa mga organ sa tiyan o balakang. Sa mga bahaging ito, ang tissue ay tumutugon pa rin sa mga hormone. Ito ay namamaga, nasisira, at nagdurugo. Ngunit hindi ito makalabas kapag ikaw ay nagreregla. Namamaga ang nakapaligid na tissue. Madalas itong nagkakapeklat.

**Endometriosis**




*Nabuo ang mga lesion dahil sa pamamaga at pagkasira ng endometrial tissue sa labas ng matris.*

*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sanhi

Kasama sa mga posibleng dahilan ang:

- Pagbalik ng menstrual tissue pataas papunta sa mga fallopian tube at tumutungo sa tiyan
- Maaaring hayaan ng immune system na bumaon ang tissue at maging endometriosis.
- Maaaring magdala ang lymph system ng mga selula ng endometrium mula sa matris.
- Ang ilang mga selula sa mga organ sa tiyan ay nagiging endometrial tissue

Nagiging sanhi ang mga hormone at mga salik ng paglaki upang lumala ang karamdaman.

## Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng kondisyong ito. Ang mga sumusunod ay maaaring maiugnay sa endometriosis:

- Kasaysayan ng pamilya, ina o kapatid na babae na may endometriosis
- Maagang pagkakaroon ng regla
- Hindi pagkakaroon ng anak—Pinapabagal o pinapatigil ng pagbubuntis ang paglala ng karamdaman. Karaniwang gumagaling ang kondisyon pagdating ng menopause . Maaaring bumalik ang mga sintomas kasama ng hormone replacement therapy .
- Matagalang pagdurugo sa pagreregla (lampas sa 7-8 mga araw)
- Di-normal na paglaki ng matris, na may baradong bahagi

## Sintomas

Ang mga sintomas ay maaaring katamtaman hanggang malubha. Maaaring magkaroon ka ng malalaking bukol na may bahagyang pananakit. O, maaaring mayroon kang maliliit na bahagi na may matinding pananakit.

Kasama sa mga sintomas ang:

- Pamumulikat at pananakit sa balakang (lalo na bago o habang nagreregla)
- Pananakit habang nakikipagtalik
- Malakas na pagreregla
- Pananakit sa ibabang bahagi ng likod
- Pananakit habang nagbabawas o umiihi
- Pagkabaog
- Pagkakakunan

## Pagsuri

Magtatanong ang iyong doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyon ng balakang. Pinakamabuti itong gawin kapag nagsisimula ang regla. Dahil maaaring wala kang anumang mga sintomas, kadalasang nakukumpirma ng laparoscopy ang pagsuri. Pinapahintulutan ng pagsusuring ito na makita ng doktor kung may mga piraso ng endometrial tissue o peklat.

## Paggamot

Ang mga layunin ng paggamot ay upang:

- Kontrolin ang sakit
- Pabagalin ang pagtubo ng endometrium
- Ibalik o panatiliin ang kakayahang magkaanak

Depende ang mga pagpipiliang paggamot sa:

- Kalubhaan ng mga sintomas
- Sukat, bilang, at kinaroroonan ng mga bukol
- Dami ng peklat
- Hangganan ng karamdaman
- Edad at kung gusto mong magkaanak

Kasama sa paggamot ang:

## Gamot para sa Pananakit

Maaaring irekomenda ng iyong doktor ang:

- Di-nangangailangan ng resetang mga gamot para sa pananakit upang maibsan ang mga katamtamang sintomas
- Nireresetang mga gamot sa pananakit (madalas kailangan)
- Nonsteroidal anti-inflammatory na mga gamot upang bawasan ang pamamaga at tumulong sa pamumulikat (pinakamabisang inumin nang regular)

## Hormonal Therapy

Ang mga hormone ay pagpipilian para sa mga babaeng hindi nagsisikap magbuntis. Nakakaabala sa paggawa ng estrogen ang mga tabletang pangkontrol sa pagbubuntis at ibang mga iniiniksiyon na gamot. Maaaring bawasan ng mga gamot na ito ang pananakit at paliitin ang sukat at bilang ng mga tumubong endometrium.

Ngunit bumabalik ang tumubong endometrium kapag itinigil ang mga hormone. Ang karaniwang paraan ng pag-inom ng mga tabletang pangkontrol sa pagbubuntis ay tuloy-tuloy, kung kaya hindi ka na magreregla.

## Operasyon

Kung mayroon kang mga malubhang sintomas o gusto mong magbuntis, maaaring subukin ng doktor na tanggalin ang mga tumubong endometrium. Madalas itong ginagawa sa pamamagitan ng laparoscopic surgery. Sa malubhang mga kaso, maaaring maipayo ang pagtanggal sa matris at mga obaryo . Ngunit nangangahulugan itong hindi ka na magbubuntis.

**Pag-iwas**
Walang nalalaman na paraan upang maiwasan ang kondisyong ito.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052467